

# INDEPENDENCIA 1843:

## ANG REHIMENTONG TAYABAS SA DALOY NG KASAYSAYAN NG MGA KILUSANG MAPAGPALAYA

RAYMUNDO ANDRES V. PALAD  ESTELITA VALDEAVELLA-LLANITA
MGA PATNUGOT

# HERMANO PULI AT IMAM BONDJOL AT ANG KANILANG MGA KILUSANG MAPAGPALAYA SA TIMOG SILANGANG ASYA: MGA TALA SA TUNGKULIN NG BAYAN SA PAGYABONG NG KASAYSAYANG PANLIPUNAN

*AXLE CHRISTIEN J. TUGANO*
*Graduate Student*
*University of the Philippines, Diliman*

## PANIMULA

Kinakailangang mapag-aralan ang pagkaka-ugnay/pag-uugnay ng Pilipinas sa mga karatig-bayan nito o sa ibayong dagat. Liban sa katotohanan na kabilang kapwa ang Pilipinas at ang mga kapit-bahay nito sa Timog Silangang Asya sa malaking mundo ng mga Austronesyano (Nusantao), kinakailangan din dalumatin ang kanilang pagkakatulad sa kani-kanilang mga tadhana sa pagpasok ng dantaon 19 o sa panahon ng pananakop ng mga kolonisador. Ganito ang tinatahak ng Araling Timog Silangang Asya sa diwa ng Kasaysayang Kabanwahan bilang sistematikong pag-aaral sa pagkakaugnay (likas at natural na ugnayan)/ mga pag-uugnay (mga pagtatangka na gawan ng ugnayan) ng bayan at/o ibang bayan. Sa paggamit ng banua o banwa, masusumpungan ang pagkakaugnay/ pag-uugnay ng sariling kabuuan sa mga [ka]ugnay na kabuuan. Sa ganang ito, napapasok sa talastasang bayan

ang mga nasabing ugnayan ng mga banua sa iba't ibang paksa sa kasaysayang bayan. Sa kabila ng lawak at saklaw ng Kasaysayang Kabanwahan, direkta naman nitong sinusukuban ang kasaysayan ng diplomasya at migrasyon, mga komparatibong pag-aaral, at maging ang araling pang-erya. Patuloy pa ding tinatrabaho at binubuo ng mga iskolar at historyador ang mga posibleng paksa na maaaring paibayuhin at pagyamanin na nakaangkla pa rin sa diwa ng Kasaysayang Kabanwahan at perspektiba ng mga Timog Silanganing Asyano. Sa ganang akin, isang panimulang hakbang ang pagbubuo ng mga talang pangkasaysayan sa pamamagitan ng mga komparatibong pag-aaral (comparative studies) sa mga kaugnayan/ugnayan ng Pilipinas sa ibayong dagat na maituturing niya bilang "kasama" at "katulad". Sa pamamagitan ng ganitong parametro, nauulinigan natin ang kapookan (konteksto) at kahalagahan ng pag-aaral upang maunawaan ang halos magkatulad/ nagkakatulad na kasaysayan ng Pilipinas at kanyang karatig-bayan.

Sa kaso ng Pilipinas at Indonesia, may pagtatangka o di kaya'y mayroon na ngang nasusulat na mga saliksik gamit ang naratibo at komparatibong pag-aaral patungkol sa kasaysayan at ugnayan ng dalawang bansa. Inaral halimbawa ni Mary Dorothy Jose (2015) ang pagkakatulad o paghahambing sa pagsisimula ng mga kilusang feminista sa Pilipinas at Indonesia (sa katauhan ni Raden Adjeng Kartini, Prinsesa ng Java). Sumunod naman dito ang pagtalakay ni Ferdinand Philip F. Victoria (2015) sa kanyang pag-aaral ukol sa kabayanihan ni Tan Malaka ng Indonesia at kung paano

niya tiningala at hinangaan ang mga ambag at pilosopiya nina Andres Bonifacio at Jose Rizal dahil sa kanilang matinding pagtuligsa sa mga Europeo. Sa katunayan, ang estatwa ng dalawang bayani ay itinayo sa bundok na kung tawagin ay Indonesia Raya o "Ang Dakilang Kabanwahan ng Indonesia". Nangangahulugan lamang ito na malakas ang ugnayan at pagpapahalaga ng dalawang bansa sa isa't isa.

Kung kaya't muling tatangkain ng pag-aaral na ito ang panibagong komparatibong pananaliksik sa pagitan ng dalawang bansa. Layunin ng panimulang pag-aaral na ito na isalaysay ang kasaysayan ng Pilipinas at Indonesia noong dantaon 19 partikular sa mga nagsipag-usbungang kilusang bayan at mga hakbangin nito sa suliraning panlipunan. Masasabing sa pagdatal ng dantaon 19, naging matingkad ang pagkakahalintulad ng mga kilusang bayan sa Timog Silangang Asya partikular na sa Pilipinas at Indonesia. Una nang binalangkas ni Atoy M. Navarro sa kanyang pag-aaral noong 2012 ang naging tungkulin at ambag ng mga haring sina Hermano Puli na kilala sa pagkakabuo niya ng Cofradia de San Jose noong 1832-1841 at Pangeran Diponegoro na naging tanyag sa Digmaang Java noong 1825-1830 bilang mga pagtuligsa sa mapanikil na sistema ng kani-kanilang mga Kanluraning mananakop. Tinalakay dito ni Navarro ang kanyang pagpapakahulugan sa ha(n)di o hari [bilang panuring kina Puli at Diponegoro] na matatagpuan sa malawak na kalinangan ng mga Austronesyano at Pan-Indones/Pilipino na malapit sa konsepto ng adi at raden ng Javanese na kapwa nangangahulugang pinuno (cf.

datu/ratu, raja, at sultan na matatagpuan sa Timog Silangang Asya).

Ganoon din ang nais linangin ng pag-aaral na ito – ang pagbubuo ng mga kilusang bayan dulot ng relihiyon. Kapwa dumaan sa pagbabago ang Pilipinas at Indonesia noong dantaon 19 sa usapin ng relihiyon at kung paano ito naging dahilan ng mga paggigiit, pagbabago, at pagkalaban ng lipunang Pilipino at Indones sa mapanikil na sistema ng relihiyon. Sa pamamagitan ng mga lider (bayani para sa loob at mesyaniko para sa mga tagatingin mula sa labas) na ito, nagkaroon ng pagkakataon ang sambayanan na ilabas ang kanilang mga hinaing sa kabuuang sistema ng relihiyon at negatibong implikasyon nito sa kanilang lipunan.

Gugunamin sa pag-aaral na ito ang muling pagtalakay sa naging hakbang ni Hermano Puli at ng kanyang Cofradia de San Jose noong 1832 bilang pagtutol sa Katolisismo ng mga Kastila. Pagkatapos nito'y iuugnay ito sa nangyaring Digmaang Minangkabau sa Kanlurang Sumatra, Indonesia noong 1803 na pinamunuan ni Tuanku Imam Bonjol na kung saan mga Holandes naman ang naging katunggali. Idagdag pa, muling dadalumatin ang mga panimulang tala tungkol sa sinaunang paniniwala at relihiyon ng mga Pilipino at Indones bago dumating ang kanilang mga mananakop. Gayundin, kasamang uungkatin ang mayamang kasaysayan, mga paggigiit, at naging tadhana ng mga nasabing sinaunang relihiyon sa pagpasok ng kolonisasyon at modernong panahon, na

kung sisipatin ang bahaging ito, bahagyang nagkakaiba ang naging landas ng mga Pilipino at Indones. Sa bahagi namang ito, dadalumatin muna ang iba't ibang perspektiba at pananaw na kung paaano hinuhulma ang pag-aaral sa kasaysayan ng mga kilusang bayan. Nagsasalungat o nagtatalaban man, mahalagang tingnan parehas ang mga samu't saring elementong bumabalangkas sa pag-aaral ukol dito. Sa madaling salita, mailalahad sa ibaba kung paano tinitingnan ang kilusang bayan sa lente ng etic at emic.

## MGA UNANG PERSPEKTIBA SA PAG-AARAL NG MGA KILUSANG BAYAN

Ang relihiyon at rebolusyon ay ang mga mahahalagang paksang tinatalakay sa interdisiplinaryong pag-aaral sa kasaysayan ng Timog Silangang Asya dahil sandigan at ugat ito ng kalinangan sa mahabang panahỗn. Tunay ngang dahil sa relihiyon nagagawa nitong pahupain ang rebolusyon ngunit kung minsan nagiging sangkap din ito sa pagbubuo ng mga rebolusyon. Sa kabila ng pagiging interesante nito, kinakailangan din na malaman kung paano pinag-aaralan at tinitingnan (sa kung anong lente/ perspektiba) ang mga kilusang bayan na naka-ugat sa usaping relihiyon sa iba't ibang pagkakataon/ panahon.

Unang sumalang bilang paksa ang mga kilusang bayan sa lente ng mga Kanluraning manunulat at historyador. Tiningnan nila ang bawat anggulo ng mga kilusang bayan gamit ng kanilang sariling perspektiba. Sa ganang atin, tinatawag natin ito bilang "pananaw ng

taga-labas" (etic). May tendensiya na maging hindi balanse ang paghahatol sa kung ano ang tunay na kaganapan. Iba ang kahulugan ng "nasaksihan ko" (etic) [na madalas nagiging diskurso ng mga Kanluraning antropologo, etnologo, at ilang iskolar] sa "narito kami, alam naming ang tunay na adhikain (emic) [na mula naman sa lente ng mga katutubo na madalas ngang nagiging paksa ng talakayan ng mga Kanluranin]. Mula noon, tuluyan nan napako sa mga balangkas at teoryang Kanluranin ang pag-aaral sa mga kilusang bayan na tila bagang isa na itong ganap at matibay na parametro at pamantayan (standard) sa akademiya.

Tinatahak halimbawa ng teorya nina Robert Redfield (Great vs. Little Tradition), Eric Hobsbawm, at Vittorio Lanternari (1947) ang mga paraan o lente kung paano mapag-aaralan ang mga popular na kilusang bayan sa kalagitnaan ng dantaon 19. Sa ilalim ng Great Tradition, tiningnan ito bilang unibersal/ kolektibo na pag-aangkin sa lahat ng kaalamang umiinog o pumapatungkol dito. Kung tutuusin, hindi nabibigyan ng pagkakataon na mapag-aralan ang tunay na diwa ng mga kilusang bayan. Tinawag halimbawa ni Joseph R. Hayden ang mga sektor na ito bilang "unpresented minority". Ibig sabihin, isa ito sa mga aspektong hindi gaanong nabibigyan ng pansin sa historiograpiya. Lehitimo ito sa kadahilanang naging talamak ang pagsasakonteksto sa mga digmaan bayan ng Pilipinas, Indonesia, at iba pa bilang bahagi ng Little Tradition. Kontra ito sa Great Tradition na ipinangalandakan ng mga Kanluranin sa daloy ng kanilang historiograpiya. Bagama't pinagyaman ang pag-aaral, kakikitain pa rin

ng kakulangan sa kawastuhan ang Little Tradition (petty tradition) kahit sabihin pang itinatadhana nito ang pagsasalokal ng mga katutubong kaalaman.

Unang dinalumat ng sosyolohistang si Robert Redfied and Little Tradition nang pinag-aralan niya ang maliit na komunidad ng pamayanang Mehikano. Karamihan sa mga naninirahan dito ay kadalasang maliliit (sakop), may sariling kasaysayan, at madalas nakahiwalay (isolated). Samantalang ang Great Tradition ay nilinang ng dalawang antropolohistang sina Milton Singer at Mckim Marriott (dating mag-aaral ni Redfield) noong 1955 mula sa pinaunlad na Little Tradition ni Redfield na nakaugat sa sibilisasyon -- kasama ang katanggapan ng pagbabago (ebolusyon) at impluwensiya ng iba. Kadalasan, tumatalakay ang Great Tradition sa kagitingan ng mga elite. Sa madaling salita, kung ibabalangkas ni David Sturtevant sa kanyang pag-aaral ang Little Tradition at Great Tradition sa konteksto ng kasaysayan ng Pilipinas at Indonesia noong dantaon 19, mababakas na ang Little Tradition ay ang mga pesante na silang nagpasimula ng mga kilusang bayan. Marami sa mga sumibol na samahan ay tinawag bilang millenarian movement o kung minsa'y messianic movement ng mga tagalabas.

Sa kabilang banda, ang Great Tradition ay sumesentro kung paano hinanay/tiningnan ng mga kolonisador ang mga mesyanikong samahan/ kulto/ karismatiko at iba pa. Katulad ng pagbabansag sa hermeneutikang pangkasaysayan, ang mga kilusang bayan ay nailebel bilang mababang antas ng lipunang

kolonyal. Madalas na natatalakay sa kasaysayan ang "kawagian" o victory ng mga mananakop, kanilang mga pangako, mga diumanong "pagsasa-sibilisado" sa kanilang mga nasasakupan. Kasalanan marahil ng mga naunang irasyunal na mga banyagang iskolar ang kalituhan sa mga pagbabansag sa mga kilusang bayan o panlipunan. Katulad ng nabanggit na, tila bagang nagiging tunay na pamantayan ang bawat deskripsyon na ikinikintal ng mga Kanluranin sa ating kamalayan. Sabi ni Francis Gealogo (1994) ang ganitong kalakaran ng mga Kanluranin ay nagbunga ng ilang suliranin kinakaharap ng mga bagong historyador na nais mag-aral/nag-aaral ng mga mga kilusang bayan/ panlipunan. Idagdag pa rito ang mga kalabuan ng pagtrato sa kung alin sa mga kilusan ang maaaring ituring na kilusang panlipunan at ano ang mga hindi. Isang solusyon lamang ang nakikita upang makaalpas sa suliraning ito. Basagin ang pagpapakahulugan ng mga naunang Kanluraning iskolar sa kanilang mga naunang pag-aaral sa mga kilusang bayan ng Pilipinas. Sa halip, tingnan at ugatin natin ang sariling kaligiran at pagpapakahulugan sa mga ito.

## PAGSASAATIN NG MGA KILUSANG BAYAN

Kontra sa mga makasariling perspektiba ng mga Kanluranin kung paano nila tiningnan ang mga kilusang bayan na nabuo at nagsipag-ganap sa kasaysayan ng Timog Silangang Aysa, kinakailangan talagang tingnan ang mga ito bilang natatangi at likas sa kagitingan ng mga Pilipino at Indones. Ibig sabihin, kailangang mapag-aralan ang aspektong ito gamit ang sariling

pagpapahalaga, pagpapakahulugan, at paninindigan. Nabanggit din ni Myfel Joseph D. Paluga (2000) na kasama sa mga kilusang dumadaloy sa agos ng kasaysayang Pilipino ang mga sektang nagpapakita ng malalim na pagka-ugat sa mga hibla ng nakaraan. Kadalasan silang ginugrupo bilang mga katutubong sekta, kulto na may tonong pagmamaliit, milenarista dahil sa kanilang paniniwala na malapit na pagtatapos ng kasalukuyang kaayusan ng mundo; at simpleng kapatiran dahil sa katangian na malalim na damayan na kanilang ipinapakita sa bawat kasapi. Ngunit makikita sa sarili nilang pagkakakilanlan na sila'y mga Kristiyano at hindi kung anu-anong mga bansag.

Halimbawa sa Pilipinas, ganito ang pagbabansag ng labas/Kastila (etic perspective) sa adhikain ng mga kilusang bayan na lumalaban sa mga kolonisador. Ayon sa mga Kastila, umiikot lamang ang kanilang mga dahilan sa Katolisismo, caciquismo, at kolonyalismo. Kung kaya't kung anu-anong mga kabalastugan ang inilalarawan sa mga mandirigmang Pilipino katulad ng bandido, bandolero, Cimarron, civil-civil, colorum, contra-costa, cuadrilla, dios-dios, delingquente, facineroso, fanatico, filibustero, foragido, gente de mal vivir, gente perdida, indocumentado, infieles, juramentado, laborante, ladron, malebolo, malhechor, pirata, remontado, salteador, salvaje, at saqueador. Hindi rin nagpatinag ang mga rebolusyonaryo hanggang sa pagpasok ng pamahalaang republika. Hindi sila naniniwalang nakakatulong ito sa pagbabago ng bagong layang Pilipinas. Kung kaya't muli silang bumuo ng mga panibagong kilusang bayan. Anupaman, hinanay muli

ang kanilang sektor sa mababang uri at pagpapakahulugan.

Sa kabilang banda, tinuligsa ng emic perspective ang kanilang pagsasakasaysayan sa mga digmaang bayan sa pamamagitan ng pagkilala at pangangalandakan sa ating mga kilusan na nakaugat pa rin sa konsepto at pamamahalaga noong panahong dati. Bagama't katulad ng idinidikta ng emic, hindi makakaila na dumaan ito sa impluwensiya ng mga Kastila kung kaya'y niyakap na rin ng mga kilusan ang Kristiyanismong Bayan o Folk Christianity–ngunit hindi sa paraan ng pagtanggap o pagyakap ngunit bilang pagtuligsa at indirektang pagtutol.

## PANIMULANG PAGHAHAMBING SA RELIHIYON NG PILIPINAS AT INDONESIA

Sa bahaging ito, mahalagang ugatin at paghambingin ang maikling kasaysayan ng relihiyon at paniniwala ng Pilipinas at Indonesia bilang magkaugnay lalo pa't kapwa mayroon silang magkatulad na nakaraan at tadhana. Napapanahon din ang pag-aaral ng relihiyon sa Timog Silangang Asya sa lente ng komparatibong paraan. Interesante ito lalo pa't iba-iba ang relihiyong namumukadkad sa mga bansa sa Timog Silangang Asya. Halimbawa, magandang pagkumparahin ang sinaunang relihiyon ng Pilipinas at Indonesia. Liban sa kapwa sila kabilang sa malaking mundo ng Austronesyano [na kung saan mayaman ang tradisyon at paniniwala], magkaiba ngayon ang tinatahak ng dalawang bansa. Mayorya sa Pilipinas ang Katoliko-Kristiyano

samantalang nananatiling Islamiko-Muslim ang huli. Ilalahad sa bahaging ito ang panimulang paghahambing sa mga partikular na elementong may kinalaman sa relihiyon (tingnan ang talahanayan 1) katulad ng simbahan (pook), tagapag-ugnay (tao), at kanilang tadhana (kinahinatnan).

**Simbahan**

Mahalaga ang simbahan bilang pook-sambahan ng mga sinaunang mamamayan ng Pilipinas at Indonesia dahil nagsisilbi itong ebidensiya na mayaman ang ugnayan ng mga tao sa kani-kanilang diyos. Bago sumailalim sa impluwensiyang "labas" ang Pilipinas at Indonesia, mababanaag sa kanilang paniniwala at relihiyon ang mayamang kultura ng Austronesyano. Makikita ito sa kanilang mga simbahan. Nailahad ni Lorenz Lasco (2014) sa kanyang pag-aaral kung bakit mayroong pagkakaiba ang mga simbahan sa sinaunang Pilipinas at Indonesia (kabilang na ng Cambodia). Ani niya, walang malalaking templo katulad ng Borobudur at Prambanan sa Indonesia (kabilang na ang Angkor Wat ng Cambodia) ang matatagpuan sa Pilipinas. Lehitimo naman ito dahil ang kalikasan mismo ang simbahan ng mga Pilipino katulad ng mga yungib, puno (balete), at bundok. Naniniwala ang mga sinaunang Pilipino na nananahan sa kalikasan ang kanilang mga Diyos. Bukod dito, hindi praktikal ang magtayo ng mga malalaking gusali dahil kulang ang densidad ng populasyon ng Pilipinas kung ihahambing sa Indonesia noong mga panahong iyon. Nagsisilbi ring simbahan kung tutuusin ang bahay ng mga datu na ginagamit sa mga seremonya.

Gayundin, simbahan din kung ituring ang ating mga sariling bahay na nakasunod o nakadisenyo sa posisyon ng salansanan ng ating mundo (kaitaasan, lupa, at kailaliman). Isa pa, mas malawak ang pananaw ng mga Pilipino sa kanyang kosmolohiya kung ihahambing sa mga Indones na noo'y impluwensiyado na ng Hinduismo-Budhismo. Dahil sa limitado ang kosmolohiya ng Indonesia, kung kaya't kinakailangan nitong magkaroon ng replika ng kosmolohiya sa Bundok Meru sa kanilang mga lugar. Ang bukod tanging paraan upang magkaroon ng replika ang Meru ay kung magtatayo lamang sila ng mga templo na kawangis nito. Sa kabila ng naka-ugat sa paniniwalang Austronesyano ang Pilipinas at Indonesia, mas higit na nabantad ang huli sa impluwensiya ng panibagong relihiyon kung kaya't nag-iba rin ang kanyang pananaw sa simbahan. Mas naunang bumuo ng konkretong simbahan ang mga Indones kumpara sa mga Pilipino dahil ang huli'y magkakaroon pa lamang ng simbahan sa pagpasok ng mga Kastila bilang bahagi ng reduccion at sapilitang paggawa.

**Talahanayan 1**
***Paghahambing sa Relihiyon ng Pilipinas at Indonesia***

| **Elemento** | **Pilipinas** | | **Indonesia** |
|---|---|---|---|
| simbahan | kapaligiran | | mga templo |
| tagapag-ugnay | babaylan | | pawang/dukun |
| tadhana | Katoliko | I | slamiko |

**Tagapag-ugnay**

Muli ding dinalumat ang kahalagahan ng mga tagapag-unay (sa tao mula sa diyos) katulad ng mga babaylanes (katawagang Bisaya) o katalonan (katawagan sa Tagalog) sa espiritwal na pamumuhay ng mga Pilipino. Bukod sa tinatawag sila bilang mga sinaunang intelektuwal ng bayan at katuwang ng kadatuan sa aspektong pulitikal at ekonomiko, naging maalam din sila sa etno-astronomiya [kung saan tinitingnan ang mga talampad bilang senyales ng magandang panahon ng pag-aani at mga pagganap ng eklipse bilang banta ng kaligtasan at pangamba] at lalo na sa usaping espiritwalidad. Tagapag-ugnay din sila ng ilalim at ibabaw ng mundo, tagahilom ng anumang karamdaman, at nagsasagawa ng seremonya at sayaw sa ilalim ng araw bilang paghingi ng kahilingan at kapatawaran kay Bathala, Lumawig, o Kabunian man.

Gayundin sa sinaunang paniniwala ng mga Indones. Kilala rin sa kanilang matandang pamayanan ang mga pawang o dukun. Katulad ng mga babaylan, nagkaroon sa kanila ng negatibong impresyon ang mga Kanluranin dahil sa kanilang mga kakaibang gawi. Kumakalaban din sila sa mga matitinding sakit, nagsasagawa ng mga orasyon, at nakikipag-usap sa kapaligiran partikular na sa hangin. Katulad din ng mga babaylan, ang mga pawang ay silang bumabawi sa nawawalang kaluluwa ng isang tao na pinaniniwalaang kinuha ng mga masasamang elemento. Madalas nilang nakakalaban diumano ang mga masasamang espiritu ng

bajang na kinabibilangan ng hantu, penanggal, at pontianak na katumbas ng aswang sa paniniwala ng mga Pilipino. Liban dito, katulad ng mga babaylan, ang mga pawang ay nagtataglay din ng iba pang kapangyarihan na magdadala sa kanilang sari-sariling katawagan (ie. pawang hujan na may kapangyarihang kontrolin ang ulan; pawang harimau at pawang buaya na kumakalaban sa mga mababangis na hayop).

Sa kabilang banda, nagkakaiba naman ang naging tadhana ng mga babaylan at pawang (dukun) sa pag-inog ng panahon. Sa pagpasok ng mga Kastila, naging banta sa huli ang mga babaylan sa paglaganap ng Kristiyanismo dahil hinihikayat nila ang mga tao na huwag tanggapin ang alok ng mga Kastila. Bagkus, kumalaban at bumuo pa sila ng mga pag-aalsa laban sa mga Kastila upang panatilihin ang katutubong paniniwala. Karamihan sa mga nagsipag-alsa ay ipinakain sa buwaya. Sa pag-inog ng panahon, nagbagong bihis ang imahe ng babaylan sa kasaysayang Pilipino. Ayon kay Zeus Salazar (2010), mayroong babaylan sa panahon ng mga Amerikano (mga ispisipikong tungkulin dahil sa edukasyon) at maging sa kasalukuyang panahon o kung minsa'y naglaho na (wala na). Samantala, sa Indonesia, nananatili pa rin ang kapangyarihan ng mga pawang (dukun) dahil nagiging tagapayo pa sila kung minsan ng mga kilalang tao sa Indonesia (i.e. pangulo) katulad nina Achmed Sukarno, Heneral Suharto, Megawati Sukarnoputri, at mga sultan ng kraton (Yogyakarta). Kung mapapansin, ang ganitong sistema o kalakaran ay noo'y ginagawa ng mga babaylan sa mga lider (datu) na hindi na makikita sa

kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas. Bagama't hanggang sa mga panahong kasalukuyan, mayroon pa ring mga babaylan (shaman) sa ibang mga lalawigan hindi na ito makikita sa mga modernisado at urbanisadong lungsod.

**Tadhana**

Kapwa bumagsak sa kapangyarihan ng dayuhan ang Pilipinas at Indonesia. Bagama't sa kaso ng Pilipinas, mas naunang dumatal sa ating kapuluan ang mga Muslim-Arabe kumpara sa mga Kastila ngunit mas nagtagumpay ang huli na madominahan ang kabuuang tadhana ng mga Pilipino pagdating sa relihiyon.

Kahit sabihin pang unang nakarating sa Pilipinas ang impluwensiya ng Hindu at Islam, mas nanaig pa rin diumano ang Katolisismo. Pinabulaanan halimbawa ni Manolo Vaño (2002) na ang pagkakaroon ng ilang salitang Sanskrit sa salitaan ng mga Pilipino ay hindi nangangahulugang nagkaroon tayo ng direktang ugnayan sa kanila. Sa aspekto ng relihiyon, mababanaag ang pagkakaroon natin ng mga salitang "bhattara" (pinagmulan ng Bathala) at "devata" (pinagmulan ng diwata) na mayroong kaugnayan sa mga Diyos at makapangyarihang elementong Sanskrit. Sa ilang pag-aaral, naisateorya ni Padre Pablo Pastells ang etimolohiya ng "Bathala" sa salitang "Bat-ala" na nagmula sa "Bata-Allah" na mayroong kahulugan na "Anak ni Allah". Ganundin ang salitang "diwata" na pinaniniwalaang mayroong iba't ibang kahulugan ayon sa pangkat etnolingwistiko. Liban sa mga salita, isang

patunay na nagkaroon ng ugnayan sa paniniwalang Hindu ang sinaunang Pilipinas nang matagpuan ang imahe ng Ganesha sa Mactan noong 1843. Sumasambulat sa mga ganitong pagkakataon ang talaban ng monoteistiko at politeistikong paniniwala na umiiral sa mga katutubong Pilipino. Kahit na sila ay sumasamba sa iisang Diyos na si Bathala, Laon, o Abba, nag-aalay pa rin sila ng mga dasal at sakripisyo sa iba't ibang devata/diwata o anito.

Katulad ng nabanggit, mas nanaig sa paniniwala ng mga Pilipino ang Katolisismo dahil pinursigi ng mga Kastila na makumberti ang mga Muslim na Pilipino sa kanilang relihiyon. Ang mga nananatiling Muslim ngayon sa Pilipinas ay hindi napagtagumpayang masakop ng mga Kastila o di kaya'y tumutol na yakapin ang Katolisismo. Sa kabilang banda, hindi naging madali para sa mga Pilipino ang yakapin nang buo ang paniniwalang Katoliko. Hindi direktang tagatanggap (pasibo) ng Katolisismo ang mga katutubo bagkus may kakayahan silang magtakwil ng taliwas/tumanggap ng Katolikong kaugalian na malapit at aakma sa kanilang katutubong paniniwala/panlasa. Mababanaag ang kakulangan ng mga misyonerong Kastila dahil katulad ng mababanggit at nabanggit na, hindi nila pinahintulutan ang mga katutubo na pumasok sa pagpapari nang sa gayo'y matutunan ang tunay na esensiya ng Katolisismo. Kung kaya't nagkaroon dito ng iba't ibang problema hanggang sa maging resulta ang pagbubuo ng mga kilusang bayan (cf. Hermano Puli).

Sa kabilang banda, ang Indonesia, hindi katulad ng Pilipinas, hindi ito gaanong nabantad sa impluwensiya ng Katolisismo na ipinakilala ng mga Kanluranin. Pumasok ang Katolisismo sa Indonesia nang ipakilala ito ng mga Portuguese na dumating sa kanilang kapuluaan upang makipagkalakalan. Pagkatapos nito, dumagdag ang mga naging Kristiyano nang magkaroon ng misyon si San Francisco de Xavier noong 1546. Sa kasalukuyang panahon, maituturing mayorya ang mga Muslim sa Indonesia dahil nakipaglaban sila sa mga Kristiyanong mananakop na noo'y nagtatangkang makumberti ang ilang Indones sa ibang bahagi ng kapuluan. Bagama't naging iba ang tadhana kung ihahambing sa Pilipinas dahil nagkalaban ang mga Indones na mayroong parehong paniniwala, mahihinuha pa rin na malaki ang naging usok ng relihiyon upang magsimula ang mga laban at kilusan.

## MGA TUNGKULIN SA KASAYSAYANG PANLIPUNAN NG INDONESIA AT PILIPINAS

Sa bahaging ito, isasakonteksto naman kung paano hinulma ng mga kilusang bayan ang bayan (Pilipinas) at negara/negari (Indonesia) sa loob ng kanilang lipunan sampu ng mga naging tugon sa pangangailangan ng bayan. Bagama't magkaiba ang naging tunguhin (pokus, kalaban, at hakbang) ng kilusan nina Bondjol at Puli, mababakas naman ang malaking papel nito sa pagbubuo ng mga kilusang bayan sa kasalukuyang panahon na inspirado ng mga naunang kilusan. Kung kaya't sa susunod na bahagi, direktang

ihahambing ang mga kadakilaan nina Muhamad Sajab ng Indonesia at Apolinario dela Cruz ng Tayabas, Pilipinas. Bagama't magkaiba ang ipinaglalaban, taglay ng dalawa ang titulo na iginawad ng mga tagasunod sa kanila katulad ng imam (para kay Bondjol/Sajab, Islam) at hermano (para kay Puli, Kristiyano) na kapwa nangangahulugang may mataas na pagkilala sa kanilang relihiyong kinabibilangan.

### *Si Tuanku Imam Bondjol at ang Pagsisimula ng Digmaang Minangkabau (1803-1837)*

Halos kasabayan ni Pangeran (Prinsipe) Diponegoro ang tinaguriang "Pambansang Bayani ng Indonesia" si Imam Bondjol sa paglulunsad ng mga kilusang bayan sa Indonesia. Unang pinasimulan ni Diponegoro ang Digmaang Java noong 1825 hanggang 1830 laban sa mga Holandes na nanhihimasok sa pamamahala ng mga kraton (palasyo) sa Yogyakarta, Java. Marami sa mga Javanese ang lumahok at nakisimpatiya sa kanyang laban dahil nagsisimula na silang kilalanin si Diponegoro bilang Ratu Adil o makatuwirang hari na magtatanggol sa kanyang bayan at mag-aahon sa kahirapan pagkatapos ng mga kaguluhan o sigalot. Sa huli, sa kabila ng sunud-sunod na tagumpay (jihad) ni Diponegoro, tinaraydor siya ng mga Holandes na noo'y pumayag na magkaroon ng usaping pangkapayapaan. Sa halip na mangyari ito, hinuli siya at namatay bilang eksilo sa Makassar, Celebes.

Si Tuanku Imam Bondjol ay ipinanganak bilang Muhamad Sajab o Peto Syarif noong 1772 sa Minangkabau, Sumatra. Iginawad kay Muhamad Sajab ang titulong tuanku bilang pagkilala sa kanyang mataas na antas ng kaalaman hinggil sa Islam partikular sa tauhid (pagiging isa), fikh (tunay na batas), at tasauuf (pagiging meron o "being"). Ganundin, ikinabit sa kanyang pangalang Imam bilang puno ng relihiyon (alim ang minsang tawag dito).

Kailangang matandaan na tipikal lamang ang pagkakaroon ng tensyon sa pagitan ng mga Indones. Sa kaso ng mga Javanese, nagkakaroon madalas ng alitan sa pagitan ng mga kinatawan o lider ng negara (luklukan o palasyo ng mga ratu) at yaong mga nasa nayon na pinamumunuan ng mga adjar na nagsisilbing tagapayo ng mga kababayan. Kinalaunan, ang mga adjar ay hinalinhan ng mga kyai o mga magagaling na guro ng Islam sa kanilang mga paaralan o pesantren. Sa pagkakamatay ni Diponegoro, nagkaroon ng malaking kompyansya ang mga Holandes na samantalahin ang kahinaan ng mga Indones sa ibang panig ng kapuluan. Ang ganitong kalakaran ay muling naulit sa Digmaang Minangkabau, Sumatra noong 1803 hanggang 1837 pagkatapos ng pananahimik ng mga Holandes sa Sumatra. Kakaiba ito sa ibang digmaan sa kadahilanan na ang jihad nito ay nagsimula sa pagitan ng mga dalawang Muslim. Pinaniniwalaan ito bilang kauna-unahang laban ng mga Muslim sa kapwa Muslim sa buong Timog Silangang Asya.

Katulad ng mga alitan sa Java (cf. ratu ng negara at adjar), umiinog din sa Minangkabau, Kanlurang Sumatra ang hindi pagkakaunawaan sa paniniwala – sa pagitan ng mga padris (mga traditionalist) at adat (mga tagasunod o gumagawa ng nilikhang tradisyong Islam o pre-Islamikong kagawian na labas sa purong katuruan nito). Ang mga padris ay tinatawag din bilang mga ulama o dakilang iskolar na nakarating sa Saudi Arabia (Mecca) na nagsagawa ng banal na paglalakbay. Sa oras ng kanilang pagbabalik sa Minangkabau, nais nilang pairalin at paigtingin ang purong katuruan ng Islam na sumasalig sa tamang mga aral alinsunod sa Quran (banal na kasulatan) at hadith (mga kawikaan, aral, at gabay ni Muhammad bilang propeta ng mga Muslim). Kahit sabihin pang iskolar ang mga ulamang ito, binansagan o inihambing pa rin sila ng mga Kanluranin bilang mga Wahabees na kung tutuusin isa itong insulto para sa mga hajji dahil nagpunta sila sa Mecca upang pag-aralan ang kapuruhan ng Islam at hindi para kumuha ng mga ideolohiyang mula sa Wahhabism (na ayon sa mga Kanluran, isang mababang uri ng Islam).

Sa kabilang banda, ang mga maharlika ng Minangkabau na tumatangkilik sa adat ay patuloy na isinasabuhay ang mga katuruan na labas sa tradisyunal na Islam katulad ng pagtangkilik sa mga bisyo at pagsusugal, pagsasabong, pinagsamang mga paniniwala (folk Islam), at ang pag-uugat o matrilinyal (matriarchaat) na sistema ng pamayanang Muslim na sa halip ay para sa mga lalaki lamang (katumbas ng tarsila sa Pilipinas). Nagkaroon ng mga patayan sa pagitan ng mga adat at padris.

Pinasimulan ni Tuanku (tengku o tungku/ lider ng estado) Imam Bondjol ang Digmaang Minangkabau kasama sina Tuanku Tambusai, Tuanku Pasaman, at marami pang iba laban sa mga adat. Noong unang bahagi, naging madugo ang labanan. May ilang mga tuanku halimbawa ni Tuanku Nan Renceh na pinatay ang kanyang tiya bilang pagtuligsa sa matrilinyal na sistema ng komunidad at mga pagtatangka sa egalitaryan na uri ng lipunan. Ang ilan ay malawakang sinunugan ng mga rumah gadang (mga tahanan) at pinagpapapatay ang mga iskolar at guru na patuloy na kumikilala sa adat. Liban sa nabanggit sa itaas na ang Digmaang Minangkabau ay siyang tinatayang unang digmaan sa pagitan ng mga Muslim sa Timog Silangang Asya, maraming iskolar, halimbawa ni Abd A'la (2008) ang naniniwala pa rin na ito ay laban na naka-ugat hindi lamang sa teolohikal at ideolohikal na aspekto kundi maging isang pagdepensa ad hoc laban sa mga pagpapatayan na hindi na naka-ugat sa repormasyon ng relihiyon bagkus sa mga personal na interes o adhikain.

Mula noon, agad na nakipagkasundo sa mga Holandes ang mga adat noong 1821 sa Padang, Sumatra upang tulungan sila sa pakikipagdigma sa mga ulama o padris. Dahil sa basbas ng mga adat, agad na nilusob ng mga Holandes ang lugar ng Sulit Air at Semawang (Simawang) sa kanlurang bahagi ng Sumatra. Winakasan lamang ng Holandes ang digmaan sa bisa ng Kasunduan sa Masang noong taon ding iyon. Ginawa ito ng mga Holandes hindi bilang paraan ng pagsuko kundi upang

ituon ang lakas ng kanilang militar sa pakikipagdigma sa Java na noo'y pinamumunuan ni Pangeran Diponegoro. Mangyari pa, babalik muli pagkatapos ng ilang taon at itutuon naman ng mga Holandes ang kanyang puwersa sa naiwang laban sa Minangkabau, Sumatra. Mapapansin sa kanilang taktika na binuhay o inudyukan muli ng mga Holandes ang mga adat na kalabanin ang mga padris at sinulsulang hindi dapat sumailalim sa tradisyunal na paniniwala ang Islam sa Minangkabau. Dahil sa lakas ng mga Holandes, tuluyang nagapi at natalo ang puwersa ng mga padris noong 1837. Kinalaunan, kinasangkapan ng mga Holandes ang kanilang pagkapanalo upang apihin at nakawan ng lupa at ari-arian hindi lamang ang mga padris kundi maging ang mga adat na noo'y nakiusap sa kanila. Ibig sabihin, kinasangkapan lamang ng mga Holandes ang tiwala at kahinaan na rin ng mga adat upang pagtalunin ang dalawang grupong Indones. Ito ang naging dahilan kung bakit nakipagsabwatan na ang mga adat sa dati nitong karibal na mga padris upang kalabanin ang mga Holandes. Kung gugunamin, mas higit na pipiliin talaga ng mga Holandes na panigan kunwari ang mga adat dahil hindi ito kasing tapang ng mga traditionalist. Mapapansin din na tipikal ang ganitong taktika ng mga Kanluranin upang pagsabungin at paigtingin ang tensyon sa pagitan ng isang lahi. Katulad ng ginawa ng mga Kastila sa Pilipinas, hindi nila ninanais kailanman na magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa kung kaya't pinagkakagulo muna nila ito at pagkatapos ay pagsasamantalahan na ang mga nais nilang sakupin.

## Ang Cofradia de San Jose (1832-1841) ni Hermano Puli

Mahalagang balikan na ang mga sinaunang Pilipino (lalo na ng mga Katagalugan) ay nagsipag-aklas dulot ng mapanupil na sistema ng relihiyon. Sa ilalim ng sistemang reduccion o plaza complex, ipinilit ng mga Kastila na mapaloob ang mga katutubo sa isang sistematikong pamamahala na kung saan itinatadhana halimbawa ng mga prayle ang pagtatayo na mga simbahan at krus na silang gagabay at magtutuwid diumano sa mga atrasadong pamumuhay at paniniwala ng mga katutubo. Sinikap itong mangyari ng mga Kastila nang sa gayo'y magkawatak ang noo'y nagbubuklod na mamamayan na 'pinamumunuan ng "pang-ulo" o datu (na kinalauna'y bubuo sa hanay ng mga principalia). Kinakailangan nilang ipaloob sa pueblo ang mga katutubo nang sa gayo'y makumberti sila sa Katolisismo na magiging sibilisado diumano kung mangyaring magpakumberti nga ang mga ito. Sa kabilang banda, ituturing na mga tulisan o taga-labas ang mga katutubong ipinamalas ang kanilang malawakang pagtutol at hindi pag-anib sa ipinakikilalang relihiyon ng mga Kastila. Hindi nila ninanais na mabuhay/ makipamuhay sa ilalim ng simbahan at kumbento.

Naging matagumpay at mabisa lamang ang ganitong pagbabago sa mga kabisera ng pueblo dahil na rin sa pagpupunyagi ng mga misyonero. Sa kabilang banda, hindi nila napagtagumpayan na pasukin ang mga masusukal na kabundukan at kanayunan dahil malayo

ang mga taga-bundok (taga-ilaya) sa sentro na kinatatayuan ng mga simbahan at marahil kulang sa bilang ng mga pari ang magpupunta roon upang ipakilala ang Katolisismo. Sa ganang ito, nagkaroon din ng mga pag-aaklas dulot ng reduccion sa kadahilanang mapapalayo ang mga katutubo sa dati nilang mga tirahan, nawalan din sila ng pakikisangkot at pagsasabuhay sa nakagisnang relihiyon at paniniwala. Kung kaya't bilang bahagi ng pagtuligsa, kagya't na tinanggap naman ng mga katutubo ang katuruan ng Katolisismo ngunit iniangkop naman nila ang pagsasabuhay sa sariling panlasa, pangangailangan, at paniniwala ng mga katutubo na nakaugat pa rin sa kinagisnang paniniwala bago dumating ang kolonisasyon. Kilala ito bilang Folk Catholicism na kung saan mababanaag na ang mga katutubo ay naniniwala sa diyus-diyosan at mga kapangyarihan ng orasyon at agimat/talisman/ anting-anting. Saklaw din ng folk religion ang direktang paghahalo at paghuhugpong ng kautusan o dogma ng mga simbahang Katolika (official Christianity) sa mga katutubong kaugalian. Kung babalangkasin, tunay nga naman nakasalig sa dalawang kaakuhan (double belonging) ang bersyon ng Kristiyanismo ng mga Pilipino – sa lente ng opisyal na Katolisismo, naniniwala tayo sa pagtanaw sa mundo (worldview) samantalang ang folk Catholicism ay nakasalig sa pagtanaw ng pandama (worldfeel).

Bilang paglalapat ng mga paliwanag sa itaas, isa ang Tayabas sa mga Katagalugang lalawigan na binuo ng mga Kastila at ipinaloob sa reduccion. Ang Tayabas ay binubuo noon ng labin-pitong mga pueblo. Katulad

ng mga tipikal na mga lalawigan, sumailalim sila sa pagbabago ng relihiyon at paniniwala. Inangkin ng mga Tagalog ang Kristiyanismo ayon sa kanilang pansariling pananaw. Halimbawa, inangkin nila si Hesukristo bilang makapangyarihang katauhan sa bagong epiko o guman (pasyon ng Mahal na Kristo) na tinitingala bilang ehemplo ng kabanalan at kabutihan. Kinasangkapan din ng mga Kastila si Birheng Maria bilang Ina ng Lahat at Ina ni Kristo na madalas inihahambing ng mga katutubo sa diwata at makapangyarihang babae sa kanilang lipunan. Kasabay din kinasangkapan ng mga katutubo ang Pasyon bilang instrumento ng rebolusyon na kung saan ipinararating dito ang mahabang paghihirap ni Kristo na pinaniniwalaan din ng mga katutubo na katumbas din ng kanilang pagpapakasakit. Panghuli, naniniwala ang mga taong-bayan na muling mabubuhay si Kristo pagkatapos ng kanyang kamatayan at darating ang paghuhukom. Senyales ito ng pagbabalik ng hari na siyang magliligtas sa sanlibutan at magbibigay ng kaginhawaan sa kanyang bayan. Marami sa mga kapatiran at kilusang bayan ang naniniwala sa muling pagbabalik ng Kristong Hari. Isang magandang halimbawa rito ay si Apolinario dela Cruz ng Tayabas na mas kilala bilang Hermano Puli.

Iniluwal ng lalawigan ng Tayabas si Hermano Puli noong Hulyo 31, 1815 (*Hulyo 22, 1815-pat*) bilang maalam at matapang na layko ng kanyang pinaglilingkurang institusyon ng San Juan de Dios. Malakas ang kanyang pananampalataya sa Kristiyanismo kung kaya't iginugol niya ang kanyang oras sa pagbabasa ng bibliya at sabihin pa'y

pagpapakalat ng katuruan at salita ng Diyos. Hindi naglaon, ninais ni Puli na pumasok sa monasteryo upang maging pari. Sa kadahilanang nalulugmok sa diskriminasyon ang mga Pilipinong nais maging pari, hindi nakakapagtakang isa rin siya sa mga hindi nabigyan ng pagkakataon upang maglingkod bilang isang pari. Kasabay pa ng pagtutol sa kanyang hiling, napaalis din siya sa San Juan de Dios. Malinaw sa bahaging ito na naging iskema at parametro na ng simbahan noong panahon ng mga Espanyol na huwag pahintulutang humawak ng sariling kapangyarihan, maging ganap na pari, at magpatakbo ng mga malalaking simbahan ang mga katutubong Pilipino. Ibig sabihin, naging batayan ang raza (lahi) ng mga katutubo upang hindi makapasok at makapaglingkod bilang mga pari. Lehitimo ang ganitong suliranin dahil maipapapatuloy ang mga ekleyastikong rebolusyon hanggang sa pagtatapos ng dantaon 19 (i.e. sekularisasyon).

Hindi pinalagpas ni Hermano Puli ang malagim na sinapit niya sa kamay ng mga ordeng Kastila. Bumalik siya sa Tayabas noong 1840 upang buuin ang Cofradia de San Jose bilang isang relihiyosong kapatiran na ipinamamalas ang malalim na debosyon kay San Jose. Mabilis na kumalat ang samahan sa mga lalawigan ng Tayabas, Batangas, at Laguna (partikular na sa mga bayan ng Lucban, Sariaya, at Majayjay) kung kaya't kaagad siyang kinilala bilang Hari ng mga Katagalugan ng kanyang mga tagasunod. Katulad ng mga nabanggit na, nakasalig ang katuruan at kaisipan ng kanilang samahan sa katutubong paniniwala. Mababakas sa

kanilang mga doktrina na hindi natatablan o natatamaan man lang ng anumang panganib ang lahat ng mga kasapi ng Cofradia kapag suot nila ang anting-anting. Ang kanilang bawat kilos ay sinusubaybayan ng Diyos lalo pa't kung sila ay inuusig.

Mayroong dalawang mahahalagang yugto sa kasaysayan ang Cofradia ni Puli – 1832 hanggang 1841 kung kailan binuo at patuloy na pinalalakas ng mga kasapi ang kanilang samahan hanggang sa kamatayan ni Puli; at 1870 hanggang 1871 kung kailan naman ipinagpatuloy ni Januario Labios ang mga katuruan at aral ng Cofradia ni Puli hanggang sa madakip ang huli. Markado sa kasaysayan ang samahan ni Puli dahil sa mga natatanging katangian nito katulad ng pagtutuligsa sa malawakang diskriminasyon ng mga prayle at pamahalaang Kastila; nagmumula sa sektor ng mga mahihirap ang naging kasapi ng samahan; at naging direkta ang kanilang tugon sa mga mapanupil na sistema ng mga Kastila. Higit pa rito, ninanais niyang magkaroon talaga ng sariling pananampalataya at sekta ang mga katutubong mamamayan ng Tayabas.

Naging banta at balakid para sa mga Kastila ang pagkakabuo ni Puli ng Cofradia na noo'y inilaban ng huli upang kilalanin ng administrasyon ngunit ito ay tinutulan. Naging palaisipan para sa mga prayle kung bakit umuunti ang bilang ng mga nagsisimba sa mga misang Katoliko at napansin din ang pagsusuot ng mga kasapi ng kwintas na mayroong larawan ni Puli. Sa paniniwala ng mga prayle na hindi na isang relihiyon ang binubuo ni Puli kundi isang kulto at kilusan, inusig

ng mga Kastila ang samahan kung saan marami ang mga nabihag at ipinapatay kasama na sina Hermano Puli, Octavio "Purgatorio" de San Jorge, Dionisio delos Reyes, Francisco dela Cruz, at marami pang iba. Binitay si Puli sa harap ng madla kung saan hinati sa apat ang kanyang katawan upang ipakita sa buong bayan na ang rebelyon at sedisyon ay mga mabibigat na kasong pinapatawan ng parusang kamatayan.

Ang kamatayan ni Hermano Puli ay hindi ibig sabihin nagwakas na rin ang kanyang mga simulain. Sa kanyang pagkawala, katulad ng nabanggit na, binuhay ni Januario Labios ang Cofradia ni Puli bilang Cofradia de San Jose, San Apolinario, at San Apolonio. Liban pa rito, patuloy na ginugunita ang presensya ni Hermano Puli sa Bundok Cristobal at Bundok Banahaw kung saan pinaniniwalaang namamalagi roon ang kanyang kaluluwa. Kilala sa kasalukuyang panahon ang Bundok Banahaw bilang lugar ng pamumuwesto. Panghuli, si Hermano Puli, bilang Hari ng Katagalugan ay naging inspirasyon ng iba pang mga nabuong kilusang bayan katulad na lamang ng colorum sa iba't ibang bahagi ng kapuluan na mayroong layunin na kalabanin ang maling pamamalakad ng mga susunod na kolonisador.

## POST-SCRIPTUM

Unang una, malinaw na magkaiba ang naging tema ng mga kilusan na nabuo sa pagitan ng Indonesia at Pilipinas. Kinasangkapan ng mga Tayabasin (Pilipino) ang folk Catholicism upang kalabanin o tuligsain ang dogma at katuruan ng mga Kastila dahil ipinagkait nga

sa kanila ang partisipasyon sa pagiging kabahagi ng pananampalataya. Iniangkop nila ang mga kaugalian batay sa kanilang kagustuhan bilang bahagi ng malawakang pag-aalsa. Sa kaso ng mga padris, sinikap nilang pagyabungin ang totoong katuruan ng Islam at pahinain ang mga nakagisnang adat (folk Islam). Bagama't nagkagulo sa pagitan ng mga tradisyunal at adat, mas higit dapat tingnan na ang mga Holandes ang mas nagpalala sa tensiyon ng dalawang pangkat. Lantaran nilang pinagkakagulo ang kanilang mga nais sakupin nang sa gayo'y humina ang diwa ng pagkakaisa. Anupaman, nagtagumpay ang mga talipandas na kolonisador sa ganitong hakbangin.

Pinatay kapwa ang mga bayaning sina Imam Bondjol at Hermano Puli ng mga kolonisador na Kanluranin. Dulot ito hindi ng kahinaan ng mga Pilipino at Indones, bagkus sa hindi patas na pagkanti ng mga dayuhan sa kanilang mga sakop. Katulad ng nabanggit na, namatay man silang dalawa ngunit patuloy na nabubuhay ang kanilang impluwensiya sa kani-kanilang mga bayan.

Sa pagkakapatay kay Hermano Puli, mas lalong umigting ang diwa ng mga Tayabasin lalo na ng rehimentong Tayabas noong 1843 upang kalabanin at bigyan ng hustisya ang mga cofradia (mga kapatid) na pinatay ng mga Kastila. Sa kasamaang palad, pinatay ang mga martir ng Tayabas sa Bagumbayan dahil sa pag-aaklas na ito. Sa kabila nito mas lalong umigting ang mga kilusang bayan na inspirado ng mga nagawa at katuruan ni Hermano Puli. Karamihan sa kanila ay

nagsuot na rin ng mga anting-anting bilang sandata ng pagkakaisa at kapatiran. Humimpil ang mga sumunod at inspiradong kilusang bayan sa mga kabundukan ng San Cristobal at Banahaw na kung saan naging kanlungan nga ni Hermano Puli. Hindi namatay si Puli sa kanilang diwa at kamalayan.

Ganundin ang kinasapitan ng mga ambag ni Imam Bondjol sa kanyang mga kababayan. Mas lalong umigting ang pagpupunyagi ng mga sumunod na mga kilusang Indones na kalabanin ang mga dayuhan lalo pa't batid na nila sa pagkakataong ito ang kanilang mga taktikang mapanlinlang (tutulungan diumano at pagakatapos ay sasakupin). Maraming labanan ang nabuo sa kapuluan ng Indonesia pagkatapos nina Pangeran Diponegoro at lalo na ni Imam Bondjol. Ang ilan sa mga ito ay ang pag-aaklas ng mga Indones sa sapilitang pagtatanim (1830-1870); Digmaang Jagaraga (1848-1849) ng mga Balinese sa pilit na pagbubura ng mga Holandes ng kanilang Tawan Karang (mga batas sa pananampalataya); Digmaang Sisingamangaraja (1877-1907) na kung saan sinakop ng mga Holandes ang Tapanuli, lupain ng mga tribong Batak sa Sumatra [na kung saan tumulong laban sa mga Holandes ang Aceh at Minangkabau]; Digmaang Aceh (1873-1904) sa Sumatra; Digmaang Bandar (1859-1905) sa Katimugang bahagi ng Kalimantan; at marami pang iba.

## PANGWAKAS



Nailatag ang panimulang paghahambing sa dalawang mayamang bansa ng Pilipinas at Indonesia sa pagbubuo ng mga kilusang mapagpalaya na kung saan nabigyan ng pansin at pagganap sa karampatang tungkulin sa ikaaangat ng kani-kanilang lipunan. Sa pagwawangis nga, liban sa kultural na pagkakatulad, tila isang tukayo ang pinagdaanan ng Indonesia at Pilipinas sapul pa noong mga panahong dati; sa panahon ng pag-uusig ng mga kolonisador; paggigiit ng bayan; at ang naging tadhana nito sa kasalukuyan. Sa katauhan nina Imam Bondjol at Hermano Puli bilang mga paksa, nasumpungan natin at naunawaan kung paano tumugon ang kanilang mga diwa sa pangangailangan ng bayan. Kahit sabihin pang, ipinagmamalaki na sila ng kani-kanilang mga bansa/negara, kailangan pa rin pagyamanin ang pag-aaral hindi lamang sa kanila kundi sa mga bayaning hindi pa nailalabas sa mga tala. Sa katunayan, mayroong tinatawag ang mga Indones na pahlawan tiga-sekawan o mga kilalang triumvirate na namuno ng malawakang pag-aaklas laban sa mga Holandes. Kinabibilangan ito nina Pangeran Diponegoro ng Gitnang Java, Tuanku Imam Bondjol ng Kanlurang Sumatra; at Teuku Oemar ng Aceh. Sa kasalukuyan, naisulat na nga ni Atoy Navarro (2012b) sa kanyang pag-aaral ang paghahambing niya kina Diponegoro at Puli bilang mga hari. Hindi naglaon, ang pag-aaral na ito ay tinangkang isulat upang talakayin ang kabayanihan ni Bondjol. Ibig sabihin, isang malaking hamon na aralin at ungkatin ang natatagong kasaysayan ng isa pa na si Teuku Oemar at hanapan ito ng aspekto o paksa na

maaaring iugnay sa Pilipinas nang sa gayo'y umigting nang tuluyan ang Araling Kabanwahan.

Isang pagtatangka kung tutuusin ang pananaliksik na ito upang ungkatin ang sala-salabat na mga datos na mag-uugnay sa malapit na kasaysayan ng Pilipinas at Indonesia. Marami pa ang maaaring aralin sa Pilipinas at Indonesia lalo na sa mga magkakatulad/halos katulad na kaganapan sa mga nagdaang siglo. Preliminaryong hakbang ito nang sa gayo'y mas lalong paigtingin ang talastasang bayan at pamamahalaga sa pag-aaral ng kasaysayan sa lente ng Araling Timog Silangang Asya sa diwa ng Araling Kabanwahan at maaaring Araling ASEAN. Napapanahon ang ganitong mga paksa kung kaya't kinakailangang pagyabungin din ang interes upang mapag-aralan ito.

Ang kilusang bayan - bilang isa sa mga hindi napapansing paksa sa kasaysayan ay marapat lamang na bigyan ng tuon at pamamahalaga na mayroong karampatang pagpapasya gamit ang perspektiba bilang isang kalahok na Pilipino at Asyano. Maraming maaaring pag-aralan at nawa'y maituon ang pananaw sa kapakinabangan natin bilang isang ASEAN at Pilipino na hindi na uusbong sa ating kamalayan na tila na laging nakapako sa iba ang tadhana ng ating mga sarili.

## Sanggunian

Abd A'la. 2008. The Genealogy of Muslim Radicalism in Indonesia: A Study of the Roots and Characteristics of the Padri Movement. Nasa Journal of Indonesian Islam 2:2 (Disyembre), 267-299.

Agoncillo, Teodoro. 1990. History of the Filipino People; Eighth Edition. Quezon City: Garotech Publishing.

Ambrosio, Dante L. 2010. Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasanang Pilipino. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Azra, Azyumardi. 2004. The Origins of Islamic Reformism in Southeast Asia: Networks of Malay-Indonesian and Middle Eastern Vlama' in the Seventeenth and Eighteenth Centuries. Honolulu: University of Hawai'i Press.

Brown, Colin. 2011. A Short History of Indonesia: The Unlikely Nation? Singapore: Talisman Publishing Pte Ltd.

Brown, Iem (pat.) 2004. The Territories of Indonesia, Routledge.

Dela Costa, Horacio. 1965. Readings in Philippine History. Manila: Bookmark.

Dery, Luis Camara. 2008. Alay sa Inang Bayan: Panibagong Pagbibigay-Kahulugan sa Kasaysayan ng Himagsikan ng 1896. Manila, Philippines: The National Historical Institute.

Elwood, Douglas J. at Patricia Ling Magdamo, 1971. Christ in Philippine Context: A College Textbook in Theology and Religious Studies. Quezon City: New Day Publishers.

Encyclopaedia Britannica, Inc. 1993. The New Encyclopaedia Britannica, Volume 8. The University of Chicago.

Garcia, Leni at Homer Yabut. 2015. Isang Panimulang Pag-aaral sa Ispiritwalidad at Relihiyon ng mga Thai. . Nasa SALIKSIK E-Journal, 4:2 (Nobyembre), 116-138.

Gealogo, Francis. 1994. Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan. Nasa Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino (1900-1992), pat. Jaime B. Veneracion, 1-37. College of Social Sciences and Philosophy: University of the Philippines Diliman.

Graham, Harvey at Robert Wallis. 2007. Historical Dictionary of Shamanism. Scarecrow Press.

Gripaldo, Eden M., Rowena Boquiren, Evelyn Miranda, et. al. 2003. Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino. Unibersidad ng Pilipinas: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.

Guerrero, Milagros. 1967. The Colorum Uprisings, 1924-1931. Nasa Asian Studies Volume 5, No. 1: 65-78.

Guillermo, Ramon G. 2013. Andres Bonifacio: Bayaning Proletaryo ng Pilipinas at Indonesia. Nasa Salita ng Sandata: Bonifacio's Legacies to the People's Struggles, mga pat. Bienvenido Lumbera, Judy Taguiwalo, Rolando B. Tolentino, Gerry Lanuza, at Gonzalo

Campoamor II, 173-183. Quezon City: IBON Foundation, Inc.

Hadler, Jeffrey. 2008. A Historiography of Violence and the Secular State in Indonesia: Tuanku Imam Bondjol and the Uses of History. Nasa The Journal of Asian Studies, 67:3 (Agosto), 971-1010.

Hislop, Stephen K. 1971. Anitism: A Survey of Religious Beliefs. Nasa Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, Vol. 9, No. 2, 144-156. Quezon City: University of the Philippines.

Hobsbawm, Eric. 1963. Primitive Rebels: Studies in Archaic Forms of Social Movements in the 19th and 20th Centuries. New York: Norton.

Ileto, Reynaldo. 1979. Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

________. 1998. Filipinos and their Revolution: Event, Discourse, and Historiography. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Jose, Mary Dorothy dL. 2015. Pagsisimula ng Kilusang Feminista sa Pilipinas at Indonesia: Panimulang Paghahambing. SALIKSIK E-Journal 4, blg. 2 (Nobyembre): 27-58.

Labianca, Oystein S. 2007. Great and Little Tradition: A Framework for Studying Cultural Interaction Through the Ages in Jordan. Nasa Studies in the History and Archaeology of Jordan, 9: 275-289.

Lasco, Lorenz. 2014. Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon. SALIKSIK E-Journal 3, blg. 1 (Agosto): 119-172.

Lee, David. 1971. Some Reflections about Cofradia de San Jose as a Philippine Religious Uprising. Asian Studies. Vol. IX, No. 2.

Lynch, Frank. Asuwang, Folk Catholicism, Town Fiesta. Nasa Philippine Society and the Individual: Selected Essays of Frank Lynch, revised edition, Aram A. Yengoyan at Perla Q. Makil, mga pat., 184-236. Quezon City: Institute of Philippine Culture.

Magos, Alicia P. 1992. The Enduring Ma-aram Tradition: An Ethnography of a Kinaray-a Village in Antique. Quezon City: New Day Publishers.

Mallat, Jean. 1998. The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry, and Commerce. Tsln. Pura Santillan-Castrence. Manila, Philippines: National Historical Institute.

Marriott, McKim. 1955. Little Communities in an Indigenous Civilization. Nasa Village India: Studies in the Little Community, mga pat. M. Marriott at A. Beads. Chicago: University of Chicago Press.

Martinez, Manuel F. 1999. A History of Quezon Province. Parañaque, Philippines: MFM Enterprises.

Mga Nakuhang Impormasyon sa Merdeka Square at Pambansang Museo ng Indonesia. (Abril 2018). Jakarta, Indonesia.

Mojares, Resil B. 2002. Stalking the Virgin: The Genealogy of the Cebuano Virgin of Guadalupe. Philippine Quarterly of Culture and Society, 30(1/2), 138-171.

Navarro, Atoy M. 2012a. Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya. Nasa SALIKSIK E-Journal, 1:2 (Setyembre), 1-32.

_________. 2012b. Dalawang Hari ng Kapuluang Timog Silangang Asya Noong Dantaon 19: Panimulang Tala kina Pangeran Diponegoro at Hermano Puli. Nasa PULI: Paniniwala, Ugnayan, Lipunan, at mga Image sa Panahon ni Apolinario de la Cruz, pat. Ryan Palad, 107-122. Tayabas: Alternatibong Tahanan ng mga Akda at Gawang Nasaliksik (ATAGAN, Inc.).

Ocampo, Nilo S. 2011. Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal. Lunsod Quezon: Bagong Kasaysayan.

Palad, Ryan. 2001. Kasaysayan ng Pag-aaklas ng Rehimentong Tayabas 1843 at Pananaw sa Pag-usbong ng Kamalayang Quezonian. Nasa Puli sa Kasaysayan, mga pat. Dwight David A. Diestro, Atoy M. Navarro, at Ryan Palad, 85-99. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan & Tayabas Publication.

Paluga, Myfel Joseph D. 2000. "Araw" at "Gahum" ng New Israel sa Mindanaw: Isang Pag-aaral sa Sekta ng Moncado Alpha and Omega sa Perspektibang Historiko-Kultural. Bagong Kasaysayan, Lathalain Blg. 9.

Phelan, John Leddy. 1959. The Hispanization of the Philippines. University of Wisconsin Press.

Redfied, Robert. 1947. The Folk Society. The American Journal of Sociology, 52:4, 293-308.

Roff, Wiliam. 1987. "Islamic Movements: One or Many?" Nasa Islam and the Political Economy of Meaning: Comparative Studies of Muslim Discourse, pat. William R. Roff, 31-52. Berkeley and Los Angeles: University of California Press.

Salazar, Zeus A. 1997. Ang "Real" ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas. Bagong Kasaysayan 1.

__________. 2006. Ang Pilipinong Banua-Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

__________. 2010. Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas. Nasa Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino, mga pat. Mary Dorothy Jose at Atoy Navarro, 7-37. C & E Publishing, Inc.

San Antonio, Juan Francisco de. 1738. The Religious Estate in the Philippines. Nasa The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 106-160. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909.

Scott, William Henry. 1994. Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Sison, Antonio. 2015. Afflictive Apparitions: The Folk Catholic Imaginary in Philippine Cinema. Material Religion. 11(4). 421-442.

Sturtevant, David. 1976. Popular Uprisings in the Philippines, 1840-1940. Ithaca: Cornell University Press.

Vaño, Manolo. 2002. Christianity, Folk Religion, and Revolution: An Oppressed Nation's Struggle for Liberation. Quezon City: Giraffe Books.

Veneracion, Jaime B. 2003. Agos ng Dugong Kayumanggi . Quezon City: Abiva Publishing House.

Vermander, Benoit. 2006. Francis Xavier and Asia: The Road to Cultural Inventiveness.

Victoria, Ferdinand Philip F. 2015. Muling Pagtuklas sa Isang Kinalimutang Bayani: Isang Pagtalakay sa mga Bagong Pag-aaral Tungkol kay Tan Malaka. SALIKSIK E-Journal 4, blg. 2 (Nobyembre): 59-88.

Zaide, Gregorio F. at Sonia M. Zaide. 2005. Kasaysayan ng mga Bansang Asyano. Ika-7 na edisyon. Cubao, Quezon City: All-Nations Publishing Co., Inc.